

ANG IKA-11 NA LIHAM NG OBISPO UKOL SA GAWAING PAGPIGIL SA PAGKALAT NG IMPEKSIYON NG CORONA VIRUS

Ang kagalang-galang Mario Yamanouchi, Obispo ng Saitama
Agosto 28, 2020

Sa prinsipiyo, ang mga Gawaing Pag-iingat sa aking ika-10 na Liham Ay Mananatili at Ipagpapatuloy hanggang Setyembre 30.

Mga kapatid ko sa Diyosesis ng Saitama,

Dalawang buwan makalipas na ipagpapatuloy ang mga misa sa Linggo, ngunit dahan-dahan, ang ibang mga parokya na naghanda sa pagpapatuloy ng mga misa sa Linggo ay magsisimula sa Setyembre 1, at nagpapasalamat ako sa Diyos at sa inyong lahat. May mga ulat na nagsasabi na ang tuktok ng ikalawang bahagi ng pagkalat ng impeksiyon ng virus ay maaring natapos na. Ngunit ako ay nanghihingi ng payo sa aking mga kaparian bago ko ipadala itong ika-11 na liham ko sa inyo. Ngayon ay napagdesisyonan ko na sa prinsipiyo, ang kasalukuyang gawaing pag-iingat ay ipagpapatuloy sa aking Diyosesis ng Saitama hanggang Setyembre 30. Bagama't aking pinag-iingatan suriin ang posibilidad sa pagtanggap ng mga pagbabawal sa mga matatanda, nagpagtanto ko na hindi pa rin ang tamang panahon na gawin ito. Humihingi ako ng paumanhin sa kanila dahil sa kanilang espirituwal na pasensiya. Ngunit, seguridad ako na darating ang panahon para sa atin, na ang mga kabataan at matatanda ay sama-samang magdiwang ng mga misa sa Linggo, at pati na rin sa pagtanggap ng mga sakramento, kagaya noon na walang pag-aalinlangan. Gayon paman, panahon pa rin ng pasensiya na may panalangin. Maraming salamat uli dahil sa inyong mabuting pang-unawa at kooperasyon.

Espisyal na Notisya para sa mga pagbabago na magaganap; ito ang mga sumusunod:

1. Papayagan ko kayo na ipagdiwang ang misa sa Bihilya sa gabi ng Sabado na kasama ang publiko, ngunit ito ay misa sa Japanese o internasyonal na misa.
2. Ang mga binyag na dapat gawin sa Easter ay papayagang gawin sa kondisyon na limitado ang bilang sa mga dadalo, panatilihin ang gawaing pag-iingat para sa pagpigil sa impeksiyon ng virus.
3. Ipapaubaya ko sa mga Abbot at Abbess ang desisyon kung ang pangkaraniwang araw na mga misa ay ipasapubliko sa mga kapilya at monasterio o nobisya sa loob ng mga Parokya, ngunit may mahigpit na mga kondisyon sa pag-iingat na mga gawain.

(Paalala) Sa pagsisimula sa bawat buwan mula Setyembre hanggang sa sumunod na mga araw, ang aking video message ay ilalagay sa Diocesan Web page. Tungkol sa mga patnubay para sa

presentasyon ng video mass galing sa inyong Parokya na nasa internet, maririnig ninyo ito mula sa Publicity Committee ng Diyosesis sa darating na panahon.

Ave Maria!